



Ako ay higit na karapat-dapat nito kaysa sa iyo; pagpaumanhinan ninyo ang lingkod Ko.

Ayon kay Ḥudhayfah, ayon sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na nagsabi: Dinalhan si Allāh, pagkataas-taas Niya, ng isang alipin kabilang sa mga alipin Niya, na binigyan Niya ng yaman, at nagsabi Siya rito: "Ano ang ginawa mo sa Mundo?"

Sinabi: Hindi sila nakapagtatago kay Allāh ng isang pag-uusap. Nagsabi ito: "O Panginoon ko, binigyan Mo ako ng yaman Mo kaya ako noon ay nakikipagbilihan sa mga tao. Bahagi ng kaasalan ko noon ay ang pagpapaumanhin sapagkat ako noon ay nagpapaluwag sa nakaluluwag at nagpapalugit sa nagigipit." Kaya nagsabi si Allāh, pagkataas-taas Niya: "Ako ay higit na karapat-dapat nito kaysa sa iyo; pagpaumanhinan ninyo ang lingkod Ko." Nagsabi sina `Uqbah bin `Āmir at Abū Mas`ūd Al-Anṣārīy, malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Ganito namin narinig ito mula sa bibig ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinababatid ni Ḥudhayfah, malugod si Allāh sa kanya, na si Allāh ay dinalhan ng isang lalaking kabilang sa mga alipin Niya sa Araw ng Pagkabuhay. Ang lalaking ito ay binigyan ng Panginoon nito ng yaman at tinanong Niya ito tungkol sa yaman nito kung ano ang ginawa nito roon. Sinabi - tinutukoy si Ḥudhayfah, malugod si Allāh sa kanya: Hindi sila nakapagtatago kay Allāh ng isang pag-uusap. Nangangahulugan: Hindi nila nakakayang magkubli ng anumang kay Allāh, pagkataas-taas Niya, sa Araw ng Pagkabuhay gaya ng sinabi Niya, pagkataas-taas Niya (Qur'ān 24:24): "sa Araw na sasaksi laban sa kanila ang mga dila nila, ang mga kamay nila, at ang mga paa nila sa ginagawa nila noon." Nagsabi ito: "O Panginoon ko, binigyan Mo ako ng yaman Mo kaya ako noon ay nakikipagbilihan sa mga tao." Nangangahulugan ito: "Nakikipagtransaksiyon ako sa mga tao sa pamamagitan ng mga pagbili at pagpapautang. Kabilang sa tinaglay kong katangian na mga kaasalan ay ang pagpapaumanhin." Pagkatapos ay nilinaw niya ito sa pamamagitan ng sabi niya: "sapagkat ako noon ay nagpapaluwag sa nakaluluwag..." Nangangahulugan ito: "Nagpapadali ako sa kanya at tumatanggap ako mula sa kanya ng anumang ibinabayad niya na may kaunting bawas." "at nagpapalugit sa nagigipit." Nangangahulugan ito: "Nagtitiis ako sa nagigipit kaya hindi ko siya sinisingil at nagpapaluwag ako sa kanya sa palugit." Kaya nagsabi si Allāh, pagkataas-taas Niya: "Ako ay higit na karapat-dapat nito kaysa sa iyo..." Nangangahulugan ito: "Yayamang nagpaumanhin ka nga sa mga lingkod Ko at nag-asal ka ng kaasalan Ko, Ako ay higit na karapat-dapat sa pagpapalampas at pagpapaumanhin sa iyo." "pagpaumanhinan ninyo ang lingkod Ko." Nangangahulugan ito: "Nagpaumanhin si Allāh sa kanya at nagpatawad sa anumang sa mga gawang masagwa niya dahil sa pagpapaumanhin niya, kaluwagan niya, at kagandahan ng pakikitungo niya sa mga lingkod ni Allāh, pagkataas-taas

Niya, at walang ganti ang pagpapaganda ng pakikitungo kundi ang pagpapaganda ng pakikitungo." Nagsabi sina `Uqbah bin `Āmir at Abū Mas`ūd Al-Anṣārīy, malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Ganito namin narinig ito mula sa bibig ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan." Ang kahulugan: "Na silang dalawa ay nakarinig sa isinalaysay ni Ḥudhayfah, malugod si Allāh sa kanya, mula sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, gaya ng pagsalaysay ni Ḥudhayfah, malugod si Allāh sa kanya, nang walang dagdag at bawas."

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4232>

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

